
ISINALIN SA TAGALOG NI: BRO. RYAN LAUDER
MAGANDANG BALITA !
HOME RUN!
PANALO TAYO! MAGANDA ANG LARO MGA BATA!
We Care MINISTRIES




Nais ko ipakilala sa inyo ang aking mga kapit-bahay, sina Jim at Pam. nag-usap kami tungkol sa isang bagay isang araw na maaring ay nais mo rin marinig.

**Sila ay mga mabuting kapit-bahay**. buong akala nila ay nakahanda sila para sa Langit, handang pumaroon. at gayundin sa iba ko pa na mga kapit-bahay. Mahal nila ang Dios katulad ng pagmamahal ng maraming tao na binaggit sa Biblia. Si Jim, Pam at ako ay nakakita ng isang magkaparehong pamantayan noong araw na kami ay magusap; ito ay ang ating pagmamahal sa Panginoong Jesu-Cristo. Subalit nalaman ni Jim at Pam habang kami ay nag-uusap, na bagama't buong akala nila na sila ay naligtas, ay hindi pa talaga sila nalinis sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, at hindi pa nakapaloob kay Cristo, at hindi pa ipinanganak na muli.

**Sila ay mga tapat na kapit-bahay**. Sinusuri nilang maigi nang buong katapatan ang kanilang mga sarili. Hinahayaan nilang magsalita ang Dios sa kanila sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan o Biblia, at ang mga nasusumpungan nila rito ang naglalapit sa kanilang mga lakad patungo sa Kalangitan.

**Sila na ngayon ay mga nangaligtas na kapit-bahay. N**atutunan nila ang isang bagay na bago noong araw na kami ay nagusap-usap. natutunan nila na sila ay tapat ngunit nagkamali... Ang kanilang mga puso ay tapat at tama, subalit sila ay nabigyan ng maling inpormasyon. At nakamamangha, ang Panginoon ay minsan nang nagsabi na alamin natin ang katootohanan, sapagka't ang katotohanan ang magpapalaya sa atin.

Hindi ko nalalaman - ngunit marahil ikaw rin ay kapareho ni Jim at Pam. Marami na akong naka-usap na mga kapit-bahay sa loob ng 40 na taon patungkol sa Evangelio ng Panginoong Jesu-Cristo. nakakita na ako ng mga mukha na naliwanagan kasabay ang ligaya, mga matang kumikislap at mga pusong buong sigla kapag sinasabi sa akin na, "Larry, maliban ngayon ay wala pang sinoman ang nagpaliwanag nito sa akin!"

Tumungo tayo sa isang palaruan na baseball park, ikaw at ako. kasama natin ang mga kabataan. Habang patungo tayo sa sasakyan, Gusto ko itanong sa iyo ang kaparehong katanungan na itinanong ko kay Jim at Pam.

**Mag-usap tayo...**

All footnote page numbers are taken from the We Care Ministries Chain-reference New Testament. These are also available through We Care Ministries.

We Care MINISTRIES

We Care Ministries conducts multi-church, multi-media campaigns and seminars throughout the country, winning souls to Christ and training Christians to be evangelistic.

Larry West, Director, Evangelist
Marco Senoret, Spanish Evangelist
Bill Oden, AfterCare Coordinator

Peggy West, Campaign Coordinator
Amy Gill, We Care Office Mgr.
Ken Ludden, Gospel Comic Book Design

We Care Ministries is under the oversight of the **White's Ferry Road Church of Christ**.
3201 N. 7th Street, West Monroe, LA 71291 • 318.397.2000


MADALAS NATIN DALHIN SA MARAMING BASEBALL GAME ANG MGA BATA DI BA?
OO, AT SA PAKIRAMDAM KO, ISASAMA PA NATIN SILA SA MARAMI PANG MGA PALARO.
YAY!
GUSTO KO SANA KAUSAPIN SI JIM AT PAM AT IPAKILALA ANG GOSPEL SA KANILA! PAPAANO KO SILA KAKAUSAPIN?
OO NGA! ITATANONG KO SA KANILA ANG MAHALAGANG TANONG!
MAHALAGA KA SA AKIN, KAIBIGAN KITA! AT NAIS KO ITANONG SA IYO ANG MAHALAGANG TANONG NA ITO SAPAGKA'T IPINAGMAMALASAKIT KITA.
JIM AT PAM, PAANO KUNG ANG PANGINOON AY BUMALIK NGAYON MASISIGURO MO BA, NANG WALANG ALINLANGAN, NA IKAW AY MAKAKASAMA NIYA SA LANGIT?
SYEMPRE NAMAN!, HUWAG KANG MAGALAALA SA AKIN, LARRY! ALAM KO NA AKO AY LIGTAS.
KUNG GANON, IKAW BA AY CHRISTIAN?
OO! SIGURADO! NAGING CHRISTIAN AKO MATAGAL NANG PANAHON..


MAHUSAY! PAANO ITO NANGYARI? DITO BA SA CENTERVILLE?
OO! DITO SA SIMBAHAN! ANG ALAM KO.. HALIKA, PUMASOK TAYO AT IPAPAHAYAG KO ANG AKING TESTIMONYA.
SO, ANO ANG GINAWA MO?
HUMM, SINABI KO SA TAGAPAGTURO NA AKO NAKAHANDA NA TANGGAPIN SI CRISTO BILANG AKING PERSONAL NA TAGAPAGLIGTAS. KAYA'T IPINANALANGIN NIYA AKO!
HALIKAYO SA LOOB!
ANO ANG SINABI NIYA SA PANALANGIN?
AHM, HINILING NIYA SA PANGINOON NA PUMASOK SA AKING BUHAY AT ILIGTAS AKO. SA PUSO KO AKO AY TUMATAWAG SA PANGALAN NG PANGINOON.
IBIG MO SABIHIN - SA PANALANGIN? IYON YAONG NAGLIGTAS SA IYO? DOON KA NAGING CHRISTIAN?
TAMA!
KUNG IKAW BA AY NASANGKOT SA AKSIDENTE SA DAAN PAUWI SA BAHAY MO NOONG GABI NA IYON AT IKAW AY NAMATAY, NANINIWALA KA NA DEDERETSO KA SA LANGIT?
OO!
AT PAGKATAPOS AKO AY BINAUTISMUHAN NANG SUMUNOD NA LINGGO!
OH! NALIGTAS KA NANG GABING IYON... IKAW AY NAGING CHRISTIAN NANG GABING IYON.. AT PAGKATAPOS IKAW BINAUTISMUHAN NOONG SUMUNOD NA LINGGO NG UMAGA? TAMA BA?
TOTOO YAN!
SALAMAT SA PAGLALAHAD MO SA AKIN NG IYONG KUWENTO.
HINDI AKO NALIGTAS SA GANOONG PARAAN, MAARI KO BANG ILAHAD SA IYO ANG AKING KUWENTO NGAYON?
OO BA! GUSTO KO RING MARINIG.


HABANG NAKIKITA KO ANG IBA'T-IBANG IGLESIA SA AKING PALIGID, NAIS KO MAALAMAN... SINO SA KANILA ANG TOTOO? LAHAT BA SILA AY TAMA? NAUUNAWAAN MO IBIG KO SABIHIN?
NAIINTINDIHAN KO IBIG MO SABIHIN.
NAIS KO MALAMAN BAKIT MAYROON KALITUHAN! HINDI BA MAARING MALINAW ANG DIOS? HINDI BA NIYA MAARING SABIHIN NG MALINAW KUNG ANO ANG NAIS NIYA? ANO ANG KAILANGAN KONG GAWIN UPANG MALIGTAS?
SINIMULAN KO MAG-ARAL NG BIBLIA, AT NATAGPUAN KO NA ANG DIOS AY MAY BABALA NA PAHAYAG TUNGKOL SA "BUHAY O KAMATAYAN"
BUHAY AT KAMATAYAN NA PAHAYAG? ANO ANG MGA YUN?
WELL, PAANO KUNG IKAW AY NAGISING SA KALAGITNAAN NG TULOG SA HATING GABI DAHIL MAY SUMISIGAW SA BINTANA NG IYONG KUWARTO: "MAY SUNOG! MAY SUNOG! LUMABAS KAYO NG BAHAY!" YAN AY BUHAY AT KAMATAYAN PAHAYAG, TAMA BA?
TAMA!
AKING NAKITA NA ANG DIOS AY MAYROONG GINAWANG BABALA TUNGKOL SA BUHAY O KAMATAYAN NA IPINAHAYAG SA BIBLIA!
ITULOY MO, LARRY! ANO IBIG MO SABIHIN?
NANDITO NA TAYO MGA BATA!


OK, BASAHIN MO ITO BILANG HALIMBAWA. SINASABI NI JESUS MALIBAN NA IKAW AY MANAMPALATAYA NA AKO NGA, IKAW AY MAMAMATAY SA IYONG MGA KASALANAN.
(JUAN 8:24)
AH, NAINTINDIHAN KO IBIG MO SABIHIN! KAPAG HINDI TAYO NANIWALA SA SINASABI NI JESUS KUNG SINO SIYA, TAYO AY MAMAMATAY SA ATING MGA KASALANAN!
IYAN AY BUHAY O KAMATAYAN NA PAHAYAG!
KUNG GANON, SINO SI JESUS?
OK, IYAN ANG KANIYANG KATANUNGAN DITO NOONG SIYA AY NAKIKIPAGUSAP SA KANIYANG MGA ALAGAD. TINANONG NIYA SILA, "ANO ANG SINASABI NG MGA TAO KUNG SINO ANG ANAK NG TAO?"
SILA AY NAGSIPAGSAGOT AT IBINIGAY ANG IBA'T-IBANG KATUGUNAN: JUAN BAUTISTA, ELIAS, JEREMIAS.
(MATEO 16:13-14)
SUBALIT IBINIGAY NI PEDRO ANG TUMPAK NA KASAGUTAN, KANIYANG SINABI, "IKAW ANG CRISTO, ANG ANAK NG DIOS NA BUHAY."
(MATEO 16:16)
NANG BIGLA MULA SA LOOB NG BAHAY...
LARRY! MAARI MO BA ITANIM ANG MGA HALAMAN NA ROSAS NGAYONG TANGHALI!


TUTULUNGAN KITA, LARRY. NASAAN ANG MGA HALAMAN?
SA MAY BANDANG GILID NG KAMALIG.
BAKIT GUSTO NI JESUS NA PANIWALAAN NATIN NA SIYA AY ANAK NG DIOS?
SAPAGKAT BILANG ANAK NG DIOS, SIYA AY DIOS. AT MARAPAT NATIN ITO NA PANIWALAAN.
ANO?
(JUAN 1:1)
(COLOSAS 2:9)
SIYANG TUNAY! MAKIKITA MO NA SIYA AY DIOS AT TAO.
BAKIT KAILANGAN NIYA NA MAGING PAREHO? SA TOTOO LANG LARRY, PALAGI KONG INISIP ANG BAGAY NA IYAN.
WELL, ANG BIBLIA ANG NAGSABI MAYROON LAMANG ISANG DIOS, AT SINABI RIN NA MAYROON LAMANG ISANG "TAGA-PAMAGITAN" SA DIOS AT SA TAO, SIYA, ANG TAO, SI JESUS.
(I TIMOTEO 2:5)
ANG TAGA-PAMAGITAN! IYAN AY PUMAPA-GITNA, HINDI BA?
TAMA YAN. SIYA AY TINATAWAG NA CRISTO, PATAS NA IPINAMAMAGITAN ANG MAGKABILANG PANIG.
TINGNAN MO, NATUTUNAN KO NA TAYO MGA TAO AY NAPAHIWALAY SA DIOS DAHIL SA ATING MGA KASALANAN.
(ISAIAH 59:1-2)


MAY AGWAT SA PAGITAN NATIN AT NANG DIOS. SUBALIT ANG NAIS NG DIOS AY MAKASAMA NIYA TAYONG MGA TAO SA PILING NIYA!
AT UPANG PUNUAN ANG AGWAT NA IYAN, ANG DIOS AY GUMAWA NG TULAY.
AT ALAM MO BA, NA ANG TULAY AY WALANG SAYSAY MALIBAN NA MAABOT NITO ANG MAGKABILANG PANIG, TAMA BA?
AT GANYAN ANG ATING PANGINOONG JESUS! ANG DAKILANG "TAGAPAMAGITAN" DAHIL SIYA AY TAO, NAABOT NIYA ANG ATING PANIG. AT DAHIL SIYA AY DIOS, NAABOT NIYA ANG PANIG NG DIOS.
AT HINDI KATAKA-TAKA NA SIYA ANG ATING NATATANGING DAAN TUNGO SA KALANGITAN.
(ISAIAS 59:1-2)
NGUNIT SA AKING PAGSASALIKSIK SA BIBLIA, NAALAMAN KO RIN NA KAILANGAN KO RING PANIWALAAN ANG TINATAWAG SA BIBLIA NA EVANGELIO, ALAM MO BA KUNG ANO ANG EVANGELIO O GOSPEL?
ANG EVANGELIO? WELL, OO NAMAN - ANG EVANGELIO AY ANG BIBLIA... HINDI BA?
(ROMA 1:16)
(I CORINTO 15:1-2)
GANYAN DIN ANG PANINIWALA KO HANGGANG SA MAKITA KO ITO SA LOOB BIBLIA.
EH, ANO NGA KAYA ANG SINASABI NG BIBLIA UKOL SA EVANGELIO?
BASAHIN MO ITO AT SABIHIN MO SA AKIN KUNG ANO SA TINGIN MO ANG EVANGELIO.
(I CORINTO 15:3-4)


SAPAGKAT IBINIGAY KO SA INYO UNA SA LAHAT, ANG AKIN NAMANG TINANGGAP: NA SI CRISTO AY NAMATAY DAHIL SA ATING MGA KASALANAN AYON SA MGA KASULATAN, AT SIYA'Y INILIBING, SIYA'Y MULING BINUHAY NANG IKATLONG ARAW AYON SA MGA KASULATAN...
HAYAAN MO ILARAWAN KO IYAN DITO SA LUPA...
(I CORINTO 15:3-4)
ITO AY ANG PAGKAMATAY...
ANG PAGLILIBING...
AT ANG MULING PAGKABUHAY NG PANGINOONG JESU-CRISTO!
LEMONADE!
SALAMAT PEGGY!
BATID KO ANG PANGYAYARING ITO SUBALIT HINDI KO ALAM NA TINATAWAG SIYA NA ANG EVANGELIO.
BAKIT KAILANGAN NATING PANIWALAAN ANG KAMATAYAN AT ANG PAGKABUHAY NA MULI BUHAT SA MGA PATAY NG ATING PANGINOONG JESU-CRISTO? HINDI BA MAARING PAGKATIWALAAN NALANG ANG DIOS AT IPAUBAYA ANG LAHAT NG DETALYE SA KANIYA?




(I CORINTO 15:3-4)

## THE GOSPEL

(II TIMOTEO 1:10)

JESUS' DEATH .................................................. GIVES US LIFE

JESUS' RESURRECTION .......................................... GIVES US IMMORTALITY


ITO AY HINDI LAMANG MABUTING BALITA! KUNDI AY PINAKAMAGANDANG BALITA!
AT NAIS KO'NG MAGKAMIT NITO.
HANDA NA ANG PIE!
OK, TAYO NA AT KUMUHA MUNA TAYO NG PIE!
YAY!
KAYA'T IPINAGPATULOY KO NA PAG-ARALAN ANG AKING BIBLIA, AT ALAM MO BA KUNG ANO ANG NALAMAN KO?
ANO?
NABATID KO NA SINABI NG BIBLIA NA KAILANGAN NATING SUNDIN ANG GOSPEL O EVANGELIO.
NASUNOD MO NA BA ANG GOSPEL O EVANGELIO?
ANO ANG IBIG MO SABIHIN?
PINAHAYAG NG BIBLIA NA DARATING ANG ISANG ARAW SI JESUS AY IHAHAYAG MULA SA LANGIT KASAMA ANG KANIYANG MGA ANGHEL SA NAGNININGAS NA APOY.
BASAHIN MO.
ANG SABI SIYA AY MAGHIHIGANTI SA MGA HINDI NAGSISIKILALA SA DIOS...
... AT SA MGA HINDI TUMALIMA SA EVANGELIO NG ATING PANGINOONG JESU-CRISTO.
(II TESALONICA 1:7-8)
TIGNAN MO ANG SUSUNOD NA TALATA! AT ANG SABI, NA SIYANG TATANGAP NG KAPARUSAHAN NA WALANG HANGGAN KAPARUSAHAN MULA SA HARAPAN NG PANGINOON AT MULA SA KALUWALHATIAN NG KANIYANG KAPANGYARIHAN.
ANO ANG NILALARAWAN NIYAN?
AYAW KO BIGKASIN ANG SALITA!
(II TESALONICA 1:9)


NANAISIN MO BA NA MAHIWALAY... MAITAPON... MAPALAYO SA PILING NG DIOS MAGPASAWALANG HANGGAN?
ITO AY ISA PA SA MGA BABALA UKOL SA "BUHAY O KAMATAYAN" NA PAHAYAG, HINDI BA?
TOTOO YAN! ANO ANG IBIG SABIHIN "SUNDIN ANG EVANGELIO?"
WELL, KUNG TUTUNGHAYAN MO SA I CORINTO 15:1-4, ANO ANG MAKIKITA MONG EVANGELIO?
ITO AY ANG PAGKAMATAY, PAGLILIBING AT MULING PAGKABUHAY NI JESUS.
TAMA YAN!
SO, PAANO NATIN SUSUNDIN IYAN?
PAPAANO TAYO MAKAKASUNOD DOON SA MATAGAL NANG PANGYAYARI... KAY JESUS, ANG PAGKAMATAY, PAGLILIBING AT ANG KANIYANG MULING PAGKABUHAY?
WELL, BAGAMAN MATAGAL NA ITONG NANGYARI, ALAM NATIN NA KAILANGAN NATIN ITONG GAWIN, TAMA?
ISA ITONG BUHAY O KAMATAYAN NA PAHAYAG, TAMA BA?
TAMA!
HOLY BIBLE
SO, BASAHIN MO ITO AT TINGNAN ANG PAGKAMATAY, PAGLILIBING AT MULING PAGKABUHAY NG PANGINOONG JESU-CRISTO.


...NA TAYONG LAHAT NA MGA BINAUTISMUHAN KAY CRISTO JESUS AY NANGABAUTISMUHAN SA KANIYANG KAMATAYAN.
THE GOSPEL
IYAN ANG UNANG BAHAGI NG EVANGELIO, ANO PA ANG KASUNOD?
(ROMA 6:3)
ANG SABI DITO "TAYO NGA'Y NANGALIBING NA KALAKIP NIYA SA PAMAMAGITAN NG BAUTISMO SA KAMATAYAN..."
IYAN ANG IKALAWANG BAHAGI, ITULOY MO.
(ROMA 6:4)
...NA KUNG PAANONG SI CRISTO AY NABUHAY NA MAGULI SA MGA PATAY SA PAMAMAGITAN NG KALUWALHATIAN NG AMA, AY GAYON DIN NAMAN TAYO'Y MAKALALAKAD SA PANIBAGONG BUHAY.
THE GOSPEL
SA BAUTISMO... DITO NATIN MASUSUNOD... ...O MAISASAGAWA ANG EVANGELIO!
SA ANONG PARAAN IPINAPAKITA NG BIBLIA KUNG PAPAANO IPAHIHIWATIG ANG ATING PANANAMPALATAYA SA EVANGELIO?
KAPAG SINUNOD NATIN ANG EVANGELIO AY IPINAKIKITA NATIN ANG ATING PANANAMPALATAYA SA KAMATAYAN, PAGLILIBING AT MULING PAGKABUHAY NI JESUS.
SO, LARRY? IBIG MO SABIHIN ANG BAUTISMO AY KINAKAILANGAN? SINASABI MO BA NA KAILANGAN NAMING MABAUTISMUHAN UPANG MAKAPAROON SA LANGIT?
WELL, ANO ANG NABASA MO? KAILANGAN BA NATING SUNDIN ANG EVANGELIO UPANG MAKAPUNTA SA LANGIT?
OO!
AT PAPAANO SINABI SA BIBLIA ANG PAGSUNOD SA EVANGELIO?
ANG SABI SA BIBLIA ITO SA SA PAMAMAGI-TAN NG EVANGELIO.
WELL, IKAW NA RI ANG SUMAGOT SA IYONG SARILING KATANUNGAN.


TEKA! MAGDADALA KAMI NG HAPUNAN SA CHURCH POTLUCK, GUSTO NIYO BA SUMAMA?
OO BA!
BLIP... BLIP...
WOW, LARRY, HINDI IPINALIWANAG SA AKIN KUNG BAKIT NILA AKO BINAUTISMUHAN! KUNG GINAWA NILA, HINDI KAHALINTULAD SA GANITO!
PAGSUNOD SA EVANGELIO AY... MA-PASA TUBIG, MA-PASA KAMATAYAN, MA-PASA DUGO. AT...
ANG SABI DITO, "... AT MALIBAN NA SA PAGKABUHOS NG DUGO AY WALANG KAPATAWARAN.
AT NAANDITO ANG BAGONG TIPAN SA DUGO NI JESU-CRISTO.
ANO ANG TIPAN?
(HEBREO 9:22)
(I CORINTO 11:25)
ITO AY ISANG KASUNDUAN. TAMA BA ITO LARRY?
TAMA! AT NAIS NG DIOS NA MAKIPAG-ISA SA ATIN.
GUSTO KO IYAN!
UPANG MAKAPASOK SA KASUNDUAN KAILANGAN NATIN GAMITIN ANG DUGO!
AT ANG DUGO AY NASA KAMATAYAN!
MULI, ANG PANAWAGAN NG BIBLIA "SUNDIN ANG EVANGELIO"
AHA! AT IYAN ANG KAMATAYAN!
(JUAN 19:33-34)


AT ANG PAGLILIBING! AT ANG PAGKABUHAY NI JESUS!
AT WALANG IBA KUNDI ANG DUGO ANG MAKAPAGHUHUGAS SA ATING MGA KASALANAN!
TAMA KA, LARRY, WHEW, HINDI PA AKO NAKARINIG KUNG PAANONG INAM ANG TUNAY NA EVANGELIO NI JESUS!
NANDITO NA TAYO!
SINABI RIN SA BIBLIA NA ANG BAUTISMO AY KUNG SAAN AT KAILAN IBINIBILANG TAYO NG DIOS NA KAY CRISTO!
(GALACIA 3:26-27)
AT HINDI TAYO MALILIGTAS KUNG WALA TAYO KAY CRISTO!
LARRY, HINDI KO PA NASUSUNOD ANG EVANGELIO.
(ROMA 8:1)
NGUNIT LARRY! IYON LANG BA ANG KAILANGAN GAWIN KO UPANG MAGING CHRISTIAN?


WELL, SI JESUS AY NAGSABI NA KAILANGAN PAGSISIHAN MO ANG IYONG MGA KASALANAN!
ISA PA'NG BABALA UKOL SA "BUHAY O KAMATAYAN" NA PAHAYAG! SINABI NI JESUS "MALIBAN NA IKAW AY MAGSISI, IKAW AY MAMAMATAY"
GINAWA KO IYAN MGA ILANG TAON NA, LARRY
(LUCAS 13:3)
PAPAANO ANG IYONG MGA PAGLALAIT SA DIOS? HINDI PWEDE NA MAHAL MO ANG DIOS AT PAGTAPOS NILALAIT MO RIN SIYA.
TAMA KA, AT MAY MGA IBA PA KASALANAN NA DAPAT KO NA RING TIGILAN!
KINAKAILANGAN KO TALAGA MAG DESISYON NA MAHALIN ANG PANGINOON.
(I CORINTO 6:9-11)
MERON PA BANG IBA?
WELL, OO! NABASA KO DITO NA SINABI NI JESUS KUNG IPAHAHAYAG NATIN SIYA SA MGA TAO, IPAHAHAYAG NIYA RIN TAYO SA KANIYANG AMA!
SUBALIT KUNG AYAW NATIN HINDI NIYA RIN IPAHAHAYAG TAYO!
(MATEO 10:32-33)
IPAHAHAYAG KO NA SIYA NGAYON...
AT MAGPAKAILANMAN!
NAGAGALAK AKO NA IPINAHAYAG MO IYAN!
ITO AY DAHIL ANG IPAHAYAG SI JESUS AY ISANG PARAAN NG PAMUMUHAY!
KATULAD NG PAGSISISI! ALAM KO ANG IBIG SABIHIN NG PAGSISISI! IBIG SABIHIN NITO BINAGO MO ANG IYONG BUONG BUHAY!
(GAWA 2:38)
IBIG KO SABIHIN, NGAYON AY PINAHIHINTULUTAN MO AKONG IPAHAYAG ANG AKING PANANAPALATAYA KAY JESUS. NAIS KONG MAGPASALAMAT!
WELL, WALANG ANOMAN!


IBIG SABIHIN NG PAGSISISI AY PAGHINTO SA PAGAWA NG MASAMANG BAGAY. KATULAD NG MGA NASA LISTAHAN SA I CORINTO 6:9-10, AT MAGSIMULA...
...ALAM KO! AT MAGPASIMULA SA PAGGAWA NG MABUTING BAGAY, KATULAD NG,IPA-HAYAG SA IBA NG EVANGELIO NI JESU-CRISTO!
OO! IYAN AY BAHAGI NG PANIBAGONG BUHAY
NAIS DIN NAMIN NA ANG IBA AY MALIGTAS DIN!
OK NGAYON, GAWIN NATIN ANG TAMA
NGAYON MALALAMAN MO NA ANG BAUTISMO AY NAGLALAGAY SA IYO SA EVANGELIO O GOSPEL! IKAW AY PUMASOK SA DUGO: ANG DUGO NI JESUS.
ANG DUGO ANG NAGHUGAS NG IYONG MGA KASALANAN... AT IBINIHIS MO SI CRISTO!
DITO, DAHIL "NAHAWAKAN MO ANG DUGO" IKAW AY LIGTAS, KINUMPIRMA NG DIOS ANG KANIYANG TIPAN SA IYO. AT NGAYON IKAW AY NA KAY CRISTO. NGAYON, ANG BANAL NA ESPIRITU NG DIOS AY NASA IYO AT IKAW AY IPINANGANAK NA MULI.. DITO KA MAGSIMULA LUMAKAD SA PANIBAGONG BUHAY!
(GAWA 2:22-24)
(JUAN 3:3-5)
(ROMA 6:3-9)
SA GAWA 2, NANG UNANG MARINIG NG MGA TAO ANG EVANGELIO, 3,000 ANG TUMALIMA DITO.
AT SINABI NG DIOS ITO ANG PANAHON NA SILA AY NANGALIGTAS
(GAWA 2:47)
(COLOSAS 1:18)


JIM AT PAM? SAAN SA MGA LARAWANG ITO KAYO NAKATAYO?
ITO SIGURO AKO! HINDI KO NAIINTINDIHAN NOON, KAYA'T, TAMA! ITO AKO!
MARAPAT NA AKO AY MAGING TAPAT UKOL SA EVANGELIO! PAANO KO MAGAGAWA "SUNDIN ANG EVANGELIO" KUNG HINDI KO NAIINTINDIHAN?"
WELL, ITO AKO SA BAHAGI NA ITO! NASUNOD KO ITO!
SO, HAYAAN MO ITANONG KO ITO KATULAD NI ANANIAS NA NAGTANONG KAY SAUL SA BIBLIA...


NAKIKINIG AKO!


"ANO ANG IYONG HIHINTAY? MAGTINDIG KA AT IKAW AY MAGBAUTISMO, AT HUGASAN MO ANG IYONG MGA KASALANAN, NA TUMATAWAG SA KANIYANG PANGALAN."
(MGA GAWA 22:16)



# THE GOSPEL ENACTED

## I CORINTHIANS 15:3-4



# THE GOSPEL RE-ENACTED

## (OBEYING THE GOSPEL)

ROMANS 6:3-6



WHAT IF THE LORD
WERE TO COME

# RIGHT NOW?

WOULD YOU KNOW FOR SURE, WITHOUT A DOUBT, THAT YOU WOULD GO HOME WITH HIM TO LIVE FOREVER?

**SINUNOD MO NA BA ANG EVANGELIO?**

ROMANS 6:3-6


FOR FREE STUDY MATERIALS VISIT
WECAREMINISTRIES.COM